

READY ka na ba?

Sama-samang nagtatrabaho ang **MGB, PHIVOLCS** at **PAGASA** paramatulongang makapaghanda ang mga tao sa mga panganib

NI AMILLAH S. RODIL



May 27 na munisipalidad/siyudad sa Pilipinas ang inaasahang makikinabang sa “Hazard Mapping and Assessment for Effective Community - Based Disaster Risk Management” na mas kilala sa taguring “READY,” isang proyekto ng gobyerno ng Pilipinas na may layuning palakasin ang kakayahan ng mga komunidad na paghandaan ang mga bantang panganib sa kanilang lugar. Inaasahang mapupunan nito ang kakulangan sa impormasyon ng mga bulnerableng komunidad ukol sa disaster risk management.

Ang READY ay nagsimula nitong 2006 at inaasahang matatapos sa 2009. May lima hanggang walong munisipalidad/siyudad sa isang taon ang makikinabang dito. Ngayong 2006, ang Surigao del Sur, Surigao del Norte, Leyte, Southern

Leyte, Cavite, at Pampanga ang mga napiling probinsya na makikinabang sa READY.

Taon	Mga Kasamang Probinsya
2006	Surigao del Sur Surigao del Norte Leyte Southern Leyte Cavite Pampanga
2007	Catanduanes Laguna Eastern Samar Northern Samar Zambales Rizal
2008	Iloilo Antique Agusan del Sur Ilocos Norte Ilocos Sur Benguet Abra Nueva Vizcaya
2009	Cagayan Aurora Isabela Bohol Zamboanga del Sur Zamboanga Sibuguey Quirino

May tatlong bahagi ang READY. Una ay ang pagsusuri ng iba't-ibang panganib sa lugar (Multi-Hazard Identification and Disaster Risk Assessment). Pangalawa ay ang paghahanda sa komunidad sa mga panganib na ito, sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga sistemang babala (Community-Based Early Warning System) at malawakang pagpalaganap ng impormasyon (Information, Education and Communication Campaign) mula sa antas ng munisipyo hanggang sa barangay. Pangatlo ay ang paghikayat sa mga lokal na gobyerno na isama sa local development plan ang paghahanda sa panganib (Mainstreaming Risk Reduction).

Ang READY ay resulta ng koordinasyon ng maraming ahensya. Ang pondo ng proyekto

Mga taong lumilikas sa kanilang mga bahay sa Quezon noong flash flood ng 2004. Sa pamamagitan ng READY project, inaasahang mapapalakas ang kapasidad ng mga munisipyo at barangay sa iilang probinsya sa Pilipinas sa mga panganib kagaya nito. LARAWAN NI REM ZAMORA

ay mula sa gobyerno, United Nations Development Program (UNDP) at Australian Agency for International Development (AusAID). Ang National Disaster Coordinating Council (NDCC) at Office of Civil Defense (OCD) ang namamahala sa buong proyekto. Gagawa ng hazard assessment ang Mines and Geosciences Bureau (MGB), Philippine Institute of Volcanology and Seismology (PHIVOLCS), at Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration (PAGASA) habang ang National Mapping and Research Information Authority (NAMRIA) ay tutulong naman sa paggawa ng mapa. Malaki rin ang partisipasyon ng mga local government units (LGUs) sa pagtatatag ng Early Warning System, Information and Education Campaign, at Mainstreaming Risk Reduction.

Binigay ng modelo ng READY ang “Strengthening the Disaster Preparedness Capacities of the Municipalities of Real, Infanta and Nakar Quezon Province, Philippines to Geologic and Meteorological Hazards” o REINA Project, na isinagawa noong 2005 bilang tugon sa baha na sumalanta at nagdulot ng kamatayan sa halos 2,000 tao sa Quezon Province noong December 2004.

Gaya ng nangyari sa REINA, inaasahang gagawa ang PHIVOLCS, MGB at PAG-ASA ng walong klaseng hazard maps para sa bawat munisipalidad/siyudad na kasama sa READY.

Ang PHIVOLCS ay gagawa ng hazard map para sa limang panganib dulot ng lindol, gaya ng pagyanig ng lupa (groundshaking), pagbitak ng lupa (ground rupture), pagtabag (landslide), paglambot ng lupa (liquefaction), at tsunami. Ang MGB ay gagawa ng hazard map para sa mga lugar na bulnerable sa pagtabag ng lupa sanhi ng ulan (rain-induced landslides), at ang PAG-ASA naman ay gagawa ng hazard map para sa mga panganib dulot ng ulan at bagyo, gaya ng baha, at malalakas na alon sa baybayin (storm surges). Ayon sa PHIVOLCS, ang mga siyentipiko na gumawa mismo ng mga mapa ang nagpapaliwanag sa mga barangay kung ano ang ibig sabihin ng mga ito.

Bilang bahagi ng pagtatatag ng Community-Based Early Warning System sa REINA, nakapaglagay rin ang gobyerno ng mga panukat sa dami ng ulan (rain gauges), at nakapagbigay ng mga batingting, megaphone at two-way radio sa mga barangay. Inaasahang magagawa rin ang mga ito sa mga munisipalidad/siyudad na makikinabang sa READY.